# NEWSLETTER NG K2C SA AGOSTO

Español I 中文 I Filipino





## Binabati namin ang Mga Ginawaran ng Scholarship mula sa Virtual na Paligsahan sa Tag-araw!

Maraming salamat sa lahat ng nakilahok sa aming Virtual na Paligsahan sa Tag-araw. Bilang espesyal na sorpresa, ginawaran namin ang bawat kalahok na mayroong aktibong account sa K2C ng $100 na scholarship!  Higit sa 140 mag-aaral ang virtual na naglibot sa mga kolehiyo ngayong tag-araw o dumalo sa isang First Gen na workshop, tingnan ang **listahan ng mga ginawaran dito**. Ikinagalak naming makitang naisasabuhay ang mga pangarap ng mga mag-aaral noong nakita nila ang kanilang mga sarili sa bawat campus! Narito ang isang halimbawa ng kung ano ang aming narinig:

*"Ang bagay na nagbibigay ng interes sa akin tungkol sa USF ay ang komunidad. Sa murang edad, ikinagalak ng aking nanay na makisali ako sa aking komunidad, at sa hinaharap, nababagay ang unibersidad na ito para sa aking pagmamahal para sa komunidad."*

*- R. Barrios, Monroe ES -*

**Mga Ginawaran sa Paligsahan**




## Mag-ipon para sa Kolehiyo Ngayon gamit ang Iyong Mga Pagbabayad sa Pederal na Kredito sa Buwis ng Bata

Maaaring paparating na sa iyo ang libreng pera! Kwalipikado ang karamihan sa mga pamilyang may mga bata para sa mga buwanang pagbabayad sa Kredito sa Buwis ng Bata na hanggang sa kabuuang $300 bawat bata para sa mga batang wala pang 6 na taong gulang at $250 para sa bawat batang may edad na 6 hanggang 17. (Kwalipikado ang mga magkasamang filer (taong nagpapasa ng buwis) na may kitang mas mababa sa $150k at mga iisang filer na may kitang mas mababa sa $75k para sa buong halaga, na hindi na nagpapatuloy para sa mga kitang hanggang sa $440k para sa mga magkasamang filer at $240k para sa iisang filer.) Wala nang anumang kailangan pang gawin ang karamihan sa mga pamilya para makuha ang perang ito – kung nagpasa ka ng buwis noong 2019 o 2020, o nag-sign up ka para sa mga stimulus na pagbabayad gamit ang tool ng non-filer (taong hindi nagpasa ng buwis) ng IRS. Kung hindi ka pa nagpapasa ng buwis, maaari mong gamitin ang **tool ng non-filer ng IRS** para makapag-sign up. Para sa higit pang impormasyon o para makita kung kwalipikado ka, **magpaiskedyul** ng appointment sa Smart Money Coaching o tingnan ang aming **flyer** sa homepage ng OFE! Maaari mo ring panoorin ang aming Facebook Live sa **Ingles** at **Espanyol** kung saan maaaring matuto ka pa tungkol sa Kredito sa Buwis ng Bata. Kapag pumasok na ang perang iyon sa iyong account, isaalang-alang ang pag-iipon ng ilan nito para sa kolehiyo para masulit ang mga insentibo ng K2C ngayong taon!

**Magpaiskedyul ng Appointment**




## Patuloy na Pag-unlad sa Programang CalKids ng Estado at mga CSA sa Pang-estadong Antas

Mayroong $1.9B na inilaan ng California, na may kombinasyon ng pederal na dolyar at dolyar ng estado, para pondohan ang unibersal na programa sa pagkasilang na kilala bilang CalKIDS at para pondohan ang paunang puhunan para sa isang nagpapatuloy na inisyatibo para sa savings sa kolehiyo pagpasok sa

sa baitang 1. Kabilang dito ang isang beses na pagbibigay ng pera para sa mga nasa baitang 1 hanggang 12 na uunahin ang mga mag-aaral na may mababang kita, konektado sa foster na pangangalaga, at/o nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Inaasikaso na ang mga detalye at inaasahang ilulunsad ang programa sa katapusan ng susunod na taon.

**Matuto Pa**

## Posisyong Direktor ng OFE

Naghahanap ang SF Office of Financial Empowerment (Tanggapan ng SF sa Pagpapalakas ng Pananalapi), kung saan kabilang ang Programang Kindergarten to College (K2C), ng aming bagong Direktor! Isa ka bang pinunong may pangarap at hindi natatakot na harapin ang sistematikong rasismo ng ating pinansiyal na sistema? May karanasan ka ba sa pamamahala ng mga programa sa seguridad ng ekonomiya? Kung oo, mag-apply bago ang 8/27 na huling araw ng pagpapasa.

**Mag-apply Rito**

| Tingnan ang Balanse | Hanapin ang # ng Account | Mga Oras ng Tanggapan sa Ingles | Mga Oras ng Tanggapan sa Espanyol |
|---|---|---|---|